7

# Gawaing Pampagkatuto sa Values Education

Kuwarter

Linggo 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education 7**
**Kuwarter 1: Linggo 1**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Donah Jean S. Sales
**Tagasuri:** Edita T. Olan
**Tagaguhit:** Jeewel L. Cabriga
**Tagalapat:** Alan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida
**Enhanced by:** Irma C. Angkiangco
**External Content Validator:** Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez
**External Language Validator:** Corazon G. Are

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**


Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Asignatura* | Values Education 7 | *Markahan* | 1 |
| *Linggo* | 1 | *Araw* | |
| *Pamagat/Paksa ng Aralin* | **Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasiya at Pagkilos** | | |
| *Pangalan* | | *Baitang at Seksiyon* | |

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **1** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Mga Katangian, Gamit at Tunguhin ng Isip at kilos-loob** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang makikilala mo ang mga katangian, gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o Bolpen, Venn Diagram, tsart, pentel pen** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**Panuto:** Paghambingin ang dalawang larawan.




1. Itala ang pagkakaiba ng dalawang larawang ipinakita ayon sa kanilang kakayahan.
2. Batay sa katangian ng hayop at tao sa anong aspekto sila magkatulad? Pangatwiranan.
3. Paano mo ihahambing ang  hayop sa tao bilang nilikha?
4. Sa iyong kuro-kuro, paano nakahihigit ang tao sa hayop?
5. Ilapat ang sagot sa Venn Diagram.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **2** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasiya at Pagkilos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, nakikilala ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasiya at pagkilos. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o Bolpen, kuwaderno, tsart** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**Panuto:** Buhat sa larawang ipinakita sa Gawain Blg. 1, punuan ang hinihinging sagot sa bawat kahon, kopyahin ang tsart at isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

| TANONG | HAYOP | TAO |
|---|---|---|
| Ano sa palagay ninyo ang gagawin nila? Bakit? | | |
| Anong katangian ang taglay ng bawat isa? | | |
| Paano nila matutugunan ang pangangailangan nila sa pagkagutom? | | |
| Alin sa kanila ang may mas kakayahang mag-isip kung ano ang tama? | | |

**Panuto**: Tukuyin kung ang sitwasyon ay naaayon sa Isip o Kilos-loob. Lagyan ng tsek (✓) sa tapat ng angkop na hanay ang inyong sagot, kopyahin ang tsart at isulat ang inyong sagot sa inyong kuwaderno.

| Mga Sitwasyon | ISIP | KILOS LOOB |
|---|---|---|
| 1. Pagpili ng pagkaing gustong kainin | | |
| 2. Mag-aral mabuti ngupang makatapos sa pag-aaral. | | |
| 3. Pagpili ng damit na susuotin | | |
| 4. Maging magalang sa lahat ng oras at makikinig sa sinasabi ng guro | | |
| 5. Pananampalataya sa Diyos | | |

1. Ayon sa iyong sagot sa katatapos lang na gawain, paano mo ilalarawan ang isip at kilos loob?
2. Mahalaga bang sundin ang sinasabi ng isip na tamang gawin? Bakit?
3. Paano naman nakatutulong ang kilos-loob sa idinidiktang tama ng isip?



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
DEPARTMENT OF EDUCATION NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **3** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasiya at Pagkilos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, nakikilala ang gamit ng isip at kilos-loob sa pagpapasiya at pagkilos. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o Bolpen, papel o kuwaderno** |
| *Laang-Panahon:* | **15 minuto** |

**“Think Pair Share”**

**Panuto:** Pag-aralan ninyo ang mga sumusunod na sitwasyon,basahin nang isa-isa bago pag-usapan at magkasundo kayo ng iyong kapareha,bago ilahad sa klase ang inyong mga sagot.

1. Kaarawan ng iyong ina at nais mo siyang bigyan ng bulaklak ngunit wala kang pera. Nadaanan mo sa parke ang maraming bulaklak ngunit may nakasulat na “ Bawal Pitasin ang Bulaklak”. Walang nagbabantay at walang makakakita kung sakaling pumitas ka. Ano ang gagawin ninyo?

2. Bumili ka sa inyong kantina. Hindi mo napansin na sobra pala ng sampung piso ang iyong sukli at huli mo na itong natuklasan.Kung ibabalik mo naman ang sobrang sukli, kulang naman ang iyong pamasahe kapag ikaw ay sasakay ng tricycle. Ano ang inyong magiging pasya?

3. Habang ikaw ay naglalakad ay may nakita kang lalaki na hinahabol ng isang babae dahil hinablot nito ang kanyang kuwintas. Humihingi sa iyo ng tulong ang babae ngunit ikaw ay nagmamadali. Ano ang inyong gagawin?

4. Pasukan na naman. Kinausap ka ng iyong mga magulang na tumigil muna sa iyong pag-aaral dahil ang iyong kuya muna ang mag-aaral sa kolehiyo at ikaw ay sa susunod na taon na lang papasok, ngunit ikaw ay tutulong bilang tindera sa tindahan ng iyong tiyahin para makatulong sa gastusin sa loob ng bahay. Nagkataon naman na nakasalubong mo ang iyong guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao na naghahanap siya ng batang paaaralin ngunit tutulong sa gawaing bahay lalo na sa araw ng Sabado’t Linggo. Ano ang magiging pasya mo?

5. Ang inyong grupo ay mayroong “performance task” sa Asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao. Dahil mababang marka ang nakuha ninyo noong unang performance task, pinagbigyan kayo ng inyong guro ng pagkakataon upang ulitin ito para mapataas ang inyong marka. Ikaw ang napiling lider upang pangunahan ang gawaing ito, ngunit sa araw na itinakda ng inyong guro ay biglang sinugod ang iyong lola sa ospital. Ikaw ay naatasang magbantay sa iyong dalawang taong gulang na kapatid. Ano ang gagawin mo?


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **4** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasiya at Pagkilos** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawain na ito, inaasahang mapapalalim ang iyong pag-unawa sa konsepto ng matalinong pagpapasiya at pagkilos na nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos na alinsunod sa katotohanan at kabutihan. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o Bolpen, kuwaderno** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggamit ng isip sa pagpapasya. Malungkot na mukha kung ang sitwasyon ay hindi pinag-isipan. Iguhit ang inyong sagot sa inyong kuwaderno.




1. Pinili ni Isabelle na ipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral sa kabila ng kanilang kahirapan sa buhay.

2. Ipinapasa ni Rogin sa iba ang natatanggap na *forwarded* na mensahe sa *cellphone* patungkol sa nangyayaring banggaan ng sasakyan.

3. Inuna munang pinabili ni Andrea ang mga pangangailangan sa paaralan kaysa bagong *gadget* na gusto niya.

4. Kinuha ni Mark ang *cellphone* ng kaklase upang ibenta at ng may ipambili ng gamot ang kapatid niyang may sakit na nasa ospital.

5. Nangopya si Vina sa unang markahang pagsusulit upang matulungan ang sarili na makapasa dahil ilang markahan na siyang bumabagsak.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **5** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Pasya ko, Pananagutan Ko** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawaing ito, makakapagbigay ka ng isang halimbawa ng pagpapasya na maaari mong gawin sa isang sitwasyon. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o Bolpen, ruler, kuwaderno** |
| *Laang-Panahon:* | **10 minuto** |

**Pasya ko, Pananagutan Ko**

**Panuto**: Sa bawat araw na ating hinaharap, kadalasan gumagawa tayo ng desisyon mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaking bagay. Sana sa paggawa ng desisyon, lagi natin isipin ang mga epekto nito sa atin at sa ating kapuwa. Magbigay ka ng isang halimbawa ng pagpapasya na maaari mong gawin sa isang sitwasyon.Kung tama ang iyong pasya, ano ang mga epekto at resulta nito? At kung maling pasya naman, ano ang mga epekto at resulta nito? Gamitin ang graphic organizer sa ibaba. Halimbawa, kung magpapasya ka kung ipagpapatuloy mo pa ang paglalaro ng *online games* o titigil na at pagtuunan na lang ng pansin ang pag-aaral. Anuman ang iyong maging pasya ay ibibigay mo kung ano-ano ang maaaring maging epekto ng pasya mo at sa huli ano ang maaaring bunga/ resulta nito. Kopyahin at isulat sa inyong kuwaderno.

**Add another box Gagawin Gamit ang Isip at Kilos-loob**






Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **6** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Lagumang Pagsusulit** |
| *Layunin:* | Sa pamamagitan ng gawaing ito, inaasahang masusukat ang iyong mga natutuhan sa buong aralin. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Lapis o Bolpen, papel** |
| *Laang-Panahon:* | **30 minuto** |

**PAGTATAYA**

**Panuto:** Sa isang kalahating pirasong papel, isulat ang letra ng pinakatamang sagot.

1. Sa kanya nagmula ang katotohanan at kabutihan.
   A. guro　　C. Diyos
   B. batas　　D. mga magulang

2. Ayon sa kanya, ang kilos-loob ay ang makatwirang pagkagusto.
   A. Diyos　　C. Sto.Tomas de Aquinas
   B. Sto. Tomas de Aquino　　D. Thomas Alba Edison

3. Ang layunin ng ____________ ay mapabuti lamang ang sarili at ang ibang tao.
   A. isip　　C. puso
   B. kilos-loob　　D. Konsensiya

4. Hindi kailanman nanaisin ng kilos-loob ang masama sapagkat ito ay laging panig sa _______________.
   A. tao　　C. sarili
   B. mabuti　　D. nakakarami

5. Ito ay isa sa mga imahe ng Diyos na taglay mo at ng bawat tao na may kakayahan upang makaalam ng mga bagay na totoo.
   A. isip　　C. kilos loob
   B. puso　　D. konsensiya

6. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa kapangyarihan ng tao na pumili, magpasiya at isakatuparan ang napili?
   A. isip　　C. kalayaan
   B. dignidad　　D. kilos loob

7. Walang katapusan ang paghahanap ng tao ng katotohanan. Sa palagay mo, alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng tama?
   A. May limitasyon ang pag-iisip ng tao.
   B. Walang katapusan ang pag-aaral ng tao hangga't sila ay nabubuhay.
   C. Patuloy ang hilig ng tao hanggang matuklasan niya ang kanyang kapaligiran
   D. Hindi perpekto ang tao at ang kanyang isip ay walang kakayahan na malaman ang katotohanan.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

8. Saan nagkakatulad ang tao at hayop?
   A. parehong responsable
   B. parehong may damdamin
   C. parehong nakakaalam ng tama
   D. parehong may kakayahang magdesisyon

9. Ano ang nagpapahigit sa tao sa ibang nilalang?
   A. Siya ay kawangis ng Diyos.
   B. Siya ay nilikha ng Diyos.
   C. Siya ay may isip at kilos-loob.
   D. Siya ay mahal ng Diyos.

10. Ito ay ang katangian o kalagayan ng pagiging mabuti, kahusayang moral o kagalingan.
   A. katalinuhan
   B. kabutihan
   C. kagalingan
   D. katarungan



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph